Marshall

# MIDDLETON – PORTABLE LOUDSPEAKER

**KUMPLETONG ONLINE NA MANUAL**

# NILALAMAN

WIKANG FILIPINO

INDEX

Layout ng device ........ 003
Pagsisimula ........ 006
Pagkokonekta ng AUX device ........ 006
Paglilinis ng speaker ........ 006
Gabay sa pag-aalaga ng baterya ........ 007
Pagsasagawa ng factory reset ........ 007
Pagkabit ng carry strap ........ 008
Stack mode ........ 009
Pag-troubleshoot ........ 010

# LAYOUT NG DEVICE

# WIKANG FILIPINO






# LAYOUT NG DEVICE

# WIKANG FILIPINO

## ① BUTTON NG STATUS NG BATERYA

Pindutin ang button ng status ng Baterya para makita ang charge ng baterya.

## ② BUTTON NG BLUETOOTH

Pindutin nang matagal ang button ng Bluetooth® hanggang sa maging mabagal na pulang ilaw ang LED para simulan ang pairing mode.

## ③ INDICATOR NG BATERYA

Ipinapakita ng indicator ng baterya na may 10 linya ang status ng baterya o mga antas ng pagkontrol sa audio. Makikita ang charge ng baterya kapag pinindot ang button ng status ng Baterya. Makikita ang antas para sa na-adjust na kontrol kapag na-adjust ang volume, bass, o treble. Nangangahulugan ang animation na nadaragdagan na nagcha-charge ang baterya.

## ④ KNOB NG KONTROL

I. Pindutin nang 2 segundo para i-on/i-off
II. Pindutin nang isang beses para i-play/i-pause
III. Pindutin pakanan/pakaliwa para lumaktaw pasulong/pabalik
IV. Pindutin nang matagal sa kanan/kaliwa para mag-fast forward/mag-rewind
V. Pindutin pataas/pababa para i-adjust ang volume

## ⑤ MGA KONTROL SA BASS AT TREBLE

Gamitin ang mga kontrol sa bass at treble para i-adjust ang balanse ng audio. Ipinapakita ng indicator na may 10 linya ang antas ng bass o treble habang ina-adjust.

## ⑥ CARRY STRAP HINGE

Ikabit ang kasamang carry strap sa hinge, tingnan ang Pagkabit ng carry strap.

# LAYOUT NG DEVICE

## WIKANG FILIPINO




7 **AUX - 3.5 MM AUDIO INPUT**

Magsaksak ng audio device na may analogue output at 3.5 mm na stereo jack.

8 **USB C - POWER INPUT/OUTPUT**

I-charge ang speaker sa pamamagitan ng pagsaksak nito sa USB power source o magsaksak dito ng USB-C device at gamitin ang speaker bilang powerbank.

# MGA TAGUBILIN WIKANG FILIPINO

## PAGSISIMULA

I. Pindutin nang matagal ang knob na pangkontrol hanggang sa ma-on ang speaker.
II. Pindutin ang button ng Bluetooth® hanggang sa maging mabagal na pulang ilaw ang LED.
III. Piliin ang MIDDLETON mula sa listahan ng Bluetooth ng iyong audio device.

## PAGKOKONEKTA NG AUX DEVICE

I. Magsaksak ng lead na may 3.5 mm na stereo jack sa AUX input sa itaas ng speaker.
II. Isaksak ang kabilang dulo ng lead sa output na audio sa source ng audio mo.
III. Tiyaking naka-pause ang lahat ng nakakonektang Bluetooth audio device.

Tandaan: Hindi kasama ang mga audio lead.

## PAGLILINIS NG SPEAKER

Regular na linisin ang iyong speaker para mapanatili itong bago at mas magtagal ito.

Hugutin ang anumang lead bago linisin ang speaker at tiyaking tuyo na ang lahat bago magsaksak ng anumang audio o USB lead.

Puwedeng alisin at linisin nang hiwalay ang silicone sleeve at strap. Gumamit ng disinfectant wipe o lint-free cloth, basain nang kaunti ng 70% isopropyl alcohol o 75% ethyl alcohol para marahang linisin ang mga silicon na bahagi. Patuyuin ang mga ito gamit ang basahan bago ikabit ulit ang mga ito sa speaker.

Maingat na linisin ang mesh at mga opening ng speaker gamit ang tuyo at malambot na brush o cotton buds.

- Huwag gumamit ng anumang matalas o bakal na bagay.
- Huwag gumamit ng compressed air.
- Huwag gumamit ng mga produktong may bleach o hydrogen peroxide.
- Huwag ilubog ang speaker sa anumang cleaning agent.

# MGA TAGUBILIN

# WIKANG FILIPINO

## GABAY SA PAG-AALAGA NG BATERYA

Mayroong high-performance lithium-ion battery ang iyong baterya at naaapektuhan ng pagcha-charge at paggamit ang buhay nito. Sundin ang mga alituntunin sa ibaba para manatiling maayos ang iyong baterya hangga't posible.

- Iwasang gumamit ng mga fast charger kung posible. Hindi nakakabuti ang fast charging sa baterya at nakakasira ito dito.
- Iwasang i-charge ang baterya kapag puno na ito o hayaan itong ma-drain. Subukang panatilihin ang charge sa pagitan ng 30% at 80%.
- Kung matagal na hindi gagamitin ang speaker, gawin ito nang kalahati ang charge ng baterya sa malamig, madilim, at tuyong lugar.
- Huwag gamitin o i-charge ang speaker sa maiinit at walang hanging lugar na may temperaturang 45°C/113°F pataas, gaya ng sa naka-park na kotse at sa tabi ng bintanang direktang nasisinagan ng araw.
- Iwasang i-charge ang baterya sa malalamig na temperaturang wala pang 10°C/50°F at iwasang gamitin ang speaker sa temperaturang wala pang 0°C/32°F.
- Iwasan ang malalakas na pagkakabunggo gaya ng pagkahulog ng speaker sa matitigas na surface dahil posible nitong masira ang baterya.

## PAGSASAGAWA NG FACTORY RESET

Ibabalik ng factory reset ang speaker sa orihinal nitong mga setting, nang hindi kasama ang anumang update sa firmware.

Tandaan: Made-delete nito ang lahat ng setting ng user at ibig sabihin, kakailanganging i-set up ulit ang speaker

I. Tiyaking naka-on ang speaker.
II. Pindutin nang matagal ang button ng Bluetooth sa loob ng 7 segundo Mao-off ang lahat ng indicator at magre-restart ang speaker.
III. Alisin ang Middleton sa listahan ng Bluetooth ng audio device mo bago magpares ulit.

### MARSHALL BLUETOOTH APP

I-download ang Marshall Bluetooth app para masulit ang speaker mo at mapanatili itong up to date sa pinakabagong software.

GET IT ON Google Play

Download on the App Store

# PAGKABIT NG CARRY STRAP

## WIKANG FILIPINO

I. Alisin ang turnilyo sa carry strap.
II. Isabit ang dulo ng strap sa itaas ng hinge sa speaker.
III. Ikabit ang dulo ng strap gamit ang turnilyo at pihitin ito.

Tiyaking secured ang carry strap sa speaker bago gamitin.






## STACK MODE

## WIKANG FILIPINO

Magkonekta ng dalawa o higit pang Middleton speaker sa isang Stack session para sa mas malaking tunog. Mag-play ng kahit ano sa pangunahing speaker at magpe-play nang naka-sync ang lahat ng speaker sa session. Puwede mong i-adjust ang volume sa alinmang indibidwal na speaker para sa perpektong balanse.

### 1 PANGUNAHING SPEAKER

Pindutin nang tatlong beses ang button ng Bluetooth para simulan o tapusin ang Stack session. Magsisimulang kumislap-kislap ang LED hanggang sa may sumaling ibang speaker sa session.

### 2 KARAGDAGANG SPEAKER

Pindutin nang dalawang beses ang button ng Bluetooth sa anumang speaker na gusto mong idagdag sa session. Magsisimulang kumislap ang LED hanggang sa makasali ang speaker sa session.

Habang nasa session, madidiskonekta ang speaker sa anumang dating kinonektahang audio device at susubukan nitong kumonekta ulit pagkatapos ng session.

Para mag-alis ng speaker sa session, pindutin nang dalawang beses ang button ng Bluetooth sa speaker na iyon.



## PAG-TROUBLESHOOT

## WIKANG FILIPINO

| PROBLEMA | DAHILAN | AKSYON |
|---|---|---|
| **Hindi nao-on ang speaker** | Ubos na ang baterya. | Isaksak ang speaker sa USB na power source para i-charge ito.<br><br>Pindutin nang matagal ang knob na pangkontrol nang 2 segundo hanggang sa mag-on ang speaker. |
| **Hindi makakonekta o makapares sa Bluetooth device** | Hindi naka-enable ang Bluetooth sa iyong device (smartphone, tablet, computer). | I-activate ang Bluetooth sa iyong playback device. |
| | Hindi naka-on ang speaker. | Pindutin ang knob na pangkontrol nang 2 segundo para i-on ang speaker bago ito ilagay sa pairing mode. |
| | Wala sa pairing mode ang speaker. | Pindutin ang button ng Bluetooth hanggang sa pumintig nang pula ang LED ng Bluetooth. |
| **Hindi makapag-play sa Stack mode** | Hindi nakakonekta sa pangunahing speaker ang device na gamit sa pag-playback. | Tiyaking naka-pair sa pangunahing speaker ang iyong device na gamit sa pag-playback. |

## PAG-TROUBLESHOOT

## WIKANG FILIPINO

| PROBLEMA | DAHILAN | AKSYON |
|---|---|---|
| **Nawawala ang koneksyon sa Bluetooth** | Masyadong magkalayo ang dalawang Bluetooth device, o naaapektuhan ang koneksyon dahil sa mga harang. | Paglapitin ang mga device nang sa gayon ay walang harang sa pagitan ng mga ito tulad ng pader o pinto. |
| | May malakas na electric field sa paligid ng speaker. Gumagamit ng parehong frequency range sa Bluetooth device ang mga gamit na tulad ng microwave oven, wireless na network adapter, fluorescent na ilaw at gas cooker. Posibleng magdulot ito ng mga electrical disturbance. | Ilipat ang speaker sa ibang puwesto o ilipat ang nakakagulong electronic device. |

## PAG-TROUBLESHOOT

## WIKANG FILIPINO

| PROBLEMA | DAHILAN | AKSYON |
|---|---|---|
| **Kakaibang gawi** | Hindi ginagamit ng device ang pinakabagong bersyon ng firmware. | I-download ang Marshall Bluetooth app at ikonekta ito sa speaker. Sundin ang mga tagubilin sa app para matiyak na ang pinakabagong bersyon ng firmware ang nasa speaker. |
| | May error sa software. | Magsagawa ng factory reset sa pamamagitan ng pagpindot sa Bluetooth nang 7 segundo.<br><br>Kailangang i-set up ulit ang speaker. |

Design of device and packaging are intellectual properties of Zound Industries International AB and Marshall Amplification Plc. © All Rights Reserved. MARSHALL, Marshall Amps, their respective logos, “Marshall” and “Marshall” trade dress are trademarks and intellectual property of Marshall Amplification Plc and may not be used without permission. Permission granted to Zound Industries International AB. The Bluetooth® wordmark and logos are registered trademarks owned by the Bluetooth SIG, Inc. and any use of such marks by Zound Industries International AB is under license. Google Play is a trademark of Google LLC. App Store is a service mark of Apple Inc., registered in the U.S. and other countries. R 0.14